

# Para sa mga Magulang

## お子さんを持つ保護者の皆様へ

Patnubay sa Pagpasok sa Paaralan

～ Paraan ng Pagpasok sa Paaralan sa Japan ～

外国人のための就学ガイド

～日本の学校への入学手続きについて～



〔フィリピン語版〕

### Elementary at Junior High School sa Japan

Kahit na non-Japanese ang isang bata, kung nais niyang pumasok sa public elementary/junior high school sa Japan, maaari siyang pumasok nang libre at sigurado ang kanyang oportunidad upang makakuha ng nararapat na edukasyon katulad ng ibang batang Hapon.

### 【日本の小学校・中学校について】

外国人の子供も、公立の小学校・中学校への入学を希望する場合は、日本人児童生徒と同様に無償で受け入れており、日本人と同一の教育を受ける機会を保障しています。

### ● Pag-aaral sa Elementary/Junior High School

Sa Japan, maaaring pumasok ang bata sa elementary school at kumuha ng edukasyon sa loob ng anim na taon. Maaari siyang magsimula mula sa unang Abril matapos siyang maging anim na taon gulang. Pagkatapos ng elementarya, maaaring pumasok ang bata sa junior high school at kumuha ng edukasyon sa loob ng tatlong taon.

### ● 小学校・中学校の就学期間について

日本では、小学校は満6歳を過ぎた最初の4月から入学することができ、6年間の教育を受けます。小学校を卒業すると中学校に入学することができ、3年間の教育を受けます。

### ● Tuition at mga Textbook

Libre ang tuition sa public elementary/junior high school. Libre ring ipinamimigay ang mga textbook sa elementary/junior high school. Subalit, kailangang bayaran ang school lunch at iba pang mga kinakailangang gastos.

### ● 授業料、教科書について

公立の小学校・中学校の授業料は無償です。また、小学校・中学校の教科書は、無償で配布されます。なお、給食費・学年費等は、毎月支払うこととなります。

### ● Pinansyal na Suporta

Kung napag-alaman ng Board of Education na nahihirapan sa pagpasok sa elementary/junior high school ang isang bata dahil sa pinansyal na dahilan, maaari siyang humingi ng pinansyal na suporta katulad ng pambili ng mga gamit sa paaralan at pambayad para sa school lunch.

### ● 就学援助について

経済的理由により、小学校・中学校への就学が難しいと、市町村の教育委員会から認められた場合、学用品の購入費や給食費への援助を受けることができます。

### ● Mga Subject sa Paaralan

Sa elementary school, pinag-aaralan ang sumusunod na mga subject: wikang Hapon, araling panlipunan, aritmetika, siyensya, kabuhayan, musika, sining, araling pantahanan at PE, at kasama na rito ang mabuting asal, espesyal na aktibidad at ang pangkalahatang oras ng pag-aaral.

Sa junior high school naman, pinag-aaralan ang sumusunod na mga subject: wikang Hapon, araling panlipunan, matematika, siyensya, musika, sining, edukasyong pangkalusugan at pangkatawan, technical arts at araling pantahanan at wikang banyaga (pangkaraniwan ay Ingles), at kasama na rito ang mabuting asal, espesyal na aktibidad at ang pangkalahatang oras ng pag-aaral.

### ● 学校で学ぶ教科

小学校では、国語、社会、算数、理科、生活、音楽、図画工作、家庭及び体育の各教科、道徳、特別活動及び総合的な学習の時間について学びます。

中学校では、国語、社会、数学、理科、音楽、美術、保健体育、技術・家庭及び外国語（原則として英語）などの各教科、道徳、特別活動及び総合的な学習の時間について学びます。

## \* PTA

Sa paaralan, may asosasyon ang mga magulang/tagapag-alaga na tinatawag na PTA (Parents and Teachers Association) na nagtutulungan sa mga aktibidad katulad ng "pagtuturo ukol sa kaligtasan sa oras ng pagpasok sa paaralan at pag-uwi".

## \* PTA 活動

学校には「PTA」という保護者と先生の会があり、保護者と先生が協力し合って「登下校時の安全指導」などの活動を行っています。保護者の積極的な参加が望まれます。

## Proseso ng Pagpasok sa Public Elementary/Junior High School

## 【公立の小学校・中学校への入学手続の流れ】

1

Kailangan munang pumunta ang mga magulang/tagapag-alaga sa tanggapan ng munisipyo (city, ward, town o village) sa kanilang lugar at ipatala ang kanilang pagpasok sa lugar na iyan. Pagkatapos ay ipalam sa counter na iyan at sa Municipal Board of Education na gustong ipasok ang bata sa elementary school o junior high school sa Japan.  
"Turuan ninyo ako kung paano ipasok ang bata sa paaralan."

保護者は、初めに居住する市区町村役場で転入届をし、その窓口と教育委員会に、子供の小学校、中学校への入学の希望を伝えてください。  
「子供を学校に入学させたいので、手続きをお願いします。」

2

Piliin ang paaralan at mag-aplay. (Pangkaraniwan, itinatakda ang baytang na papasukan ng bata ayon sa kanyang edad.)

入学する学校を決めて、手続きをします。  
(原則として、子供の年齢相当の学年に編入されます。)

3

Pumunta ang mga magulang/tagapag-alaga sa paaralan kasama ang bata at makipag-usap sa titser ukol sa magiging buhay sa paaralan sa hinaharap.  
"Sabi ng Board of Education, papasok na raw ang bata sa inyong paaralan. Pakilakad ang mga papeles kaugnay dito."

保護者は、子供と一緒に入学する学校へ行ってください。そこで、先生と今後の学校生活について話し合ってください。  
「教育委員会で手続きをして、こちらの学校に入学することになったので、入学手続きをお願いします。」

## Kung nakapagtapos ng junior high school, lalong lalawak ang pagkakataon ng bata.

## 中学校を卒業するといろいろな未来が広がります！

### ● Ano ang ginagawa pagkatapos ng junior high school?

Sa Japan, nagpapatuloy ng pag-aaral sa high school ang karamihan sa mganagsisipagtapos ng junior high school. Mayroon ding nagdedesisyong mag-aral sa technical college/vocational school o magtrabaho na.

### ● 中学校卒業後の進路

日本では、中学校を卒業した生徒の多くは高等学校に進学します。また、高等専門学校や専修学校一般・高等課程に進学する人や、就職する人もいます。

Sa homepage ng Ministri ng Edukasyon, Kultura, Isports, Siyensya at Teknolohiya, malalaman ang mas detalyadong impormasyon ukol sa paraan ng pagpasok ng paaralansa Japan sa sumusunod na pitong wika.

文部科学省ホームページでは、7カ国語による詳しい就学案内を公開しています。

Koreano, Vietnamese, Chinese, Espanyol, Filipino, Ingles at Portuguese

韓国・朝鮮語、ヴェトナム語、中国語、スペイン語、フィリピン語、英語、ポルトガル語

[http://www.mext.go.jp/a\\_menu/shotou/clarinet/003/001.htm#a09](http://www.mext.go.jp/a_menu/shotou/clarinet/003/001.htm#a09)